


Pagkapantay-pantay sa Kasarian at Diskriminasyon sa Kasarian sa Hong Kong

Pangkalahatang Tanaw

Mas maraming kababaihan kaysa kalalakihan sa Hong Kong. Magkagayunman ang pagsulong sa mga edukasyonal na oportunidad sa huling ilang dekada, ang mga kababaihan ay nahuhuli pa rin sa mga kalalakihan batay sa kanilang ekonomikong pakikilahok.

Mayroon ding malaking pagkakaiba sa pagitan ng sahod, at mababang representasyon ng mga kababaihan sa mga pinakamataas na ehekutibo at propesyonal na tungkulin, pati sa mga larangang panlipunan at pampulitika. Habang humaharap ang Hong Kong sa isang tumatandang populasyon at kumokonting manggagawa, may agarang pangangailangan na makahikayat ng mas maraming kababaihan sa lakas paggawa.

Populasyon ng Hong Kong



Batis: Mga Probisyonal na Pigura sa Kalagitnaan ng Taon ng 2017, Kagawaran ng Senso at Estadistika

Edukasyon



- 78.6% ng kababaihan (edad 15 at pataas) ay tumanggap ng sekondaryang edukasyon, laban sa 84.5% para sa mga kalalakihan noong 2016.
- Ang mga mag-aaral na kababaihan na nakatala sa mga programa ng mas mataas na edukasyon ay patuloy na nahigitan sa bilang ang mga mag-aaral na kalalakihan at bumubuo ng 53.7% sa taong akademiko ng 2016/17.
- Mas maraming mag-aaral na kababaihan ang nagpatala sa mga programang sining at humanidades (72.5%), edukasyon (72.7%), kalusugan (66.8%), agham panlipunan (64.2%) at negosyo at pangangasiwa (59.7%), habang mas maraming mag-aaral na kalalakihan ang nagpatala sa mga programa ng mga agham (61.6%) at inhenyeriya at teknolohiya (70.5%).

Trabaho



- Ang mga kababaihan ay may mas mababang antas ng pakikilahok sa lakas paggawa (54.8%) kaysa mga kalalakihan (68.6%) noong 2016. Mas maraming kababaihan na ekonomikong hindi aktibo (1,587,400) kaysa kalalakihan (913,400). Ang pangunahing sanhi para sa mga kababaihan na umaalis sa pamilihan ng paggawa ay pakikisangkot sa mga gawaing bahay (39.6%), habang ang pangunahing rason sa mga kalalakihan ay pagreretiro/katandaan (59.2%). Ang mga maybahay na kalalakihan (628,100) ay lalong hinigitan sa bilang ang mga kalalakihan (19,000).
- Ang karaniwang kita sa trabaho sa isang buwan (hindi kasama ang mga dayuhang kasambahay) para sa babae noong 2016 ay HK\$14,000, mas mababa kaysa HK\$18,000 para sa lalaki. Ang mga trabaho na may maluwang na pagitan sa sahod ay kasama ang mga manggagawa sa serbisyo at pagbebenta (babae: HK\$10,700; lalaki: HK\$15,000), at mga manggagawa sa gawang kamay at kaugnay na trabaho (babae: HK\$10,500; lalaki: HK\$15,500).

Panlipunan at Pulitikal na Pakikilahok



- Mula sa 32 Miyembro ng Ehekutibong Konseho, 4 lamang ang mga babae noong Hulyo 2017. 31.7% lamang ng mga itinalagang Miyembro na hindi opisyal na naninilbihan sa mga Lupong Nagpapayo at Ayon sa Batas ng Pamahalaan ay babae sa katapusan ng 2016.
- Ang mga bahagdan ng mga Opisyal sa Directorate na lalaki at babae sa Serbisyo Sibil ay nasa 65.8% at 34.2% noong 2014.
- Noong 2017, 12.4% lamang ng mga direktor sa lupon ng mga kompanya na nakalista sa Hang Seng Index ay babae.

Mga Legal na Instrumento

Ang Kombensiyon sa Pag-alis ng Lahat ng mga Anyo ng Diskriminasyon laban sa mga Kababaihan ng Nagkakaisang mga Bansa ay pinalawig sa Hong Kong noong 1996.



Sa parehong taon, ang **Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kasarian (SDO)** ay nagkaroon ng puwersa, kasunod ng pagsasabatas nito noong 1995. Ipinagbabawal ng Ordinansa ang diskriminasyon laban sa lalaki o babae batay sa kasarian, katayuang pangmag-asawa at pagbubuntis sa pitong pampublikong larangan, kasama ang trabaho; edukasyon; at probisyon ng mga bilihan, serbisyo at pasilidad. Ipinagbabawal din nito ang seksuwal na panggigipit ng mga kalalakihan o kababaihan.

Ang Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (EOC) ay humawak ng **264 reklamo** sa ilalim ng SDO noong 2016/17. Ang mayorya (92%) ay kabilang sa larangan ng trabaho, na karamihan sa mga reklamo ay may kaugnayan sa diskriminasyon sa **pagbubuntis** at **seksuwal na panggigipit**. Habang pinoprotektahan ng batas ang mga kalalakihan at kababaihan, ang mayorya ng mga reklamo ukol sa seksuwal na panggigipit ay inihain ng mga kababaihan.



1 sa 5

ina ay nag-ulat na nakaranas ng diskriminasyon sa panahon ng pagbubuntis, bakasyon sa pagiging ina at/o sa loob ng unang taon pagkatapos bumalik sa trabaho

17% lamang

sa mga employer ang nag-ulat na nagpatupad ng mga hakbangin na mabuti sa pamilya ang lugar na pinagtatrabahuhan



Batis: "Pag-aaral sa Diskriminasyon sa Pagbubuntis at mga Negatibong Pananaw na Hinaharap ng mga Buntis na Kababaihan at Nagtatrabahong Ina sa mga Maliliit at Katamtamang Laking Negosyo" ng EOC, Mayo 2016

Bigyan ang Bawat Isa ng Lugar na Pinagtatrabahuhang Ligtas at Walang Diskriminasyon

Inirekomenda ng EOC sa ilalim ng Pagrepaso sa Batas ng Diskriminasyon na susugan ang SDO upang sa gayon ay maaaring magtamasa ang mga kababaihan ng mas malakas na proteksiyon. Kasama sa mga pagsusog ang:

- Ipakilala ang karapatan ayon sa batas para sa mga kababaihan na bumalik sa kanilang dating posisyon sa trabaho pagkatapos ng bakasyon sa pagiging ina.
- Ipakilala ang hayag na probisyon na nagbabawal sa direkta at indirekta na diskriminasyon batay sa pagpapasuso, kasama ang pagpisil ng gatas.

Tungkol sa Pagrepaso ng Batas laban sa Diskriminasyon:
<http://www.eoc.org.hk/eoc/graphicsfolder/inforcenter/dlr/default.aspx>

Mga Batis:

1. Mga Kababaihan at Kalalakihan sa Hong Kong Susing Estadistika (Edisyong 2017), Kagawaran ng Senso at Estadistika, HKSAR
2. Ang mga Kababaihan ng Hong Kong sa mga Pigura, Edisyong 2015, Komisyon sa mga Kababaihan
3. Mga Kababaihan sa mga Lupon Hong Kong 2017, Negosyo sa Komunidad
4. Antas ng Pakikilahon ng mga Kababaihan para sa mga Itinalagang Miyembro na Hindi Opisyal ng Pamahalaan sa mga Lupon na Nagpapayo sa Pampublikong Sektor at Ayon sa Batas, Kawanihan ng mga Usaping Panloob, Disyembre 2016

Karapatang-Ari © **Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad**, Enero 2018

Address: 16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong

Tel: 2511 8211 Fax: 2511 8142 E-mail: eoc@eoc.org.hk Website: www.eoc.org.hk